JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

6

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:

### Paggamit ng mga Uri ng Pang-abay sa Iba't Ibang Sitwasyon



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikaanim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Paggamit ng mga Uri ng Pang-abay sa Iba't Ibang Sitwasyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Arianne Marie P. Barrios

**Editor/ Tagasuri:** Lea Jane T. Lañoso/ Riela Angela C. Josol

**Tagalapat:** Dave D. Cubero

**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI | – Schools Division Superintendent |
| Lourma I. Poculan | – Asst. Schools Division Superintendent |
| Amelinda D. Montero | – Chief Education Supervisor, CID |
| Nur N. Hussien | – Chief Education Supervisor, SGOD |
| Riela Angela C. Josol | – Education Program Supervisor – Filipino |
| Bernie P. Laranjo | – Public Schools District Supervisor |
| Ronillo S. Yarag | – Education Program Supervisor, LRMS |
| Leo Martinno O. Alejo | – Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065) 212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- **Nagagamit ang mga uri ng pang-abay (panlunan, pamaraan, pamanahon) sa iba't ibang sitwasyon.** ***(F6L-IIf-j-5)***

Mga tiyak na kaalaman na dapat mong matutuhan sa modyul na ito:

a. Nakatutukoy ang iba't-ibang uri ng pang-abay sa iba't-ibang sitwasyon.
b. Nakapagbibigay ng halimbawa ng mga pangungusap o sitwasyon gamit ang mga uri ng pag-abay.
c. Nakagagawa ng usapan gamit ang mga angkop na pang-abay.

# Balikan

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay. Pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan sa ibaba nito. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

**Ang Kahalagahan ng Edukasyon**

Ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng isang lipunan tungo sa pagkakaroon ng isang masaganang ekonomiya.

Mataas na edukasyon na hindi lamang binubuhay ng mga aklat o mga bagay na natutunan sa ating mga university at paaralan. Bagaman, kasama ito sa mga pangunahing elemento upang magkaroon ng sapat na edukasyon, ang praktikal na edukasyon na nakabase sa ating araw-araw na pamumuhay ang siya pa ring dapat na piliting maabot.

Matibay ang isang edukasyon kung ito ay pinagsamang katalinuhan bunga ng mga pormal na pag-aaral tungkol sa Mathematics, Science, English at mga bagay na tungkol naman sa buhay at kung paano mabuhay ng maayos.

*Saggunian:* sanaysay-filipino.blogspot.com

**Mga Tanong:**

1. Ano ang paksa ng binasa mong sanaysay?

2. Anong uri ng edukasyon ang dapat piliting maabot ng isang indibidwal?

3. Batay sa sanaysay, bakit kailangan magkaroon ng mataas at matibay na edukasyon ang isang indibidwal?

# Tuklasin

Sa pag-aaral ng modyul na ito, higit mong mabibigyang halaga ang paggamit ng mga pang-abay sa iba't ibang sitwasyon. Mababatid mo rin na ang angkop na paggamit ng mga uri ng pang-abay ay isang hakbang upang makatamo ng maayos at magandang pagpapahahayag ng saloobin at ideya, pagbibigay reaksyon tungo sa pagbabahagi ng obserbasyon mo sa iyong paligid o sa kahit anumang sitwasyon. O, ano handa ka na ba? Umpisahan mo na!

***SUBUKAN MO NGA!***

**Panuto:** Tignang mabuti ang mga salita at parirala na nasa loob ng kahon. Isulat ang mga ito sa naangkop nitong kayarian sa talaan sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| na magaling | kina Mario | sa kalsada |
| bukas | Martes | nang matindi |
| araw-araw | nang malakas | na masarap |
| sa pagamutan | kahapon | sa bahay |

| Tumutukoy kung paano naganap | Tumutukoy sa lugar o lunan | Tumutukoy sa panahon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

# Suriin

Ang lahat ng bahagi ng pananalita ay mahalaga sa wikang Filipino. Ito ang pinagkukunan ng basehan sa paggawa ng mga pangungusap gamit ang mga angkop na salita upang makabuo ng sanaysay, talata o kahit mga teskto.

Isa sa pinakamagandang bahagi ng pananalita ay ang pang-abay. Ang pang-abay ay naglalarawan o nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri at maging sa kapwa nito pang-abay.

Natutunan natin na ang pang-uri ang salitang naglalarawan ng pangngalan habang ang pandiwa ay salitang kilos.

Ang pang-abay ay mayroong iba't ibang uri at ang mga uri nito ay may iba't ibang kayarian din. Nagpapatunay, na ang pang-abay ay may malaking saklaw kung ikukumpara sa ibang bahagi ng pananalita. Gayunpaman, ang tatlong uri ng pang-abay na karaniwang nagagamit lalo na sa iba't ibang sitwasyon ay ang:

***A. Pang-abay na Panlunan***

- Ito ay nagsasaad kung saan nagganap ang pangyayari.
- Sumasagot sa tanong na *saan*.

***Halimbawa:***

<u>*Sa Manila*</u> kami magbabakasyon.
Pupunta si Nanay Mela <u>*sa palengke*</u> bukas.

***B. Pang-abay na Pamaraan***

- Ito ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos na ipinahahayag ng pandiwa.
- Sumasagot sa tanong na *paano*.

***Halimbawa:***

Natulog siya <u>*nang patagilid*</u>.
Tumatakbo <u>*nang mabilis*</u> si Alex.

***C. Pang-abay na Pamanahon***

- Ito ay nagsasaad kung kailan naganap o magaganap ang kilos.
- Gumagamit ng nang, sa, noong, kung, tuwing, buhat, mula, umpisa, hanggang, kahapon, kanina, ngayon, mamaya, bukas, at sandali bilang mga pananda.
- Sumasagot sa tanong na *kailan*.

***Halimbawa:***

Ipinagdiriwang <u>*ngayon*</u> ng ating pangulo ang kanyang ika-40 kaarawan.
Pupunta ang mag-anak <u>*bukas*</u> sa siyudad.

**Gawain: ANO NGA ULIT!**

**Panuto:** Tukuyin kung anong uri ng pang-abay mayroon sa bawat pangungusap at bilugan ang mga ito. Isulat sa sagutang papel ang inyong sagot.

_______________ 1. Masayang ikinuwento ni Marissa ang kanyang mga karanasan.
_______________ 2. Tahimik akong nakikinig sa kanyang mga kuwento.
_______________ 3. Babalik na sila sa isang linggo.
_______________ 4. Magkikita kami ng mga pinsan ko sa restawran.
_______________ 5. Ang guro ay malinaw magpaliwanag sa mga mag-aaral.
_______________ 6. Ang magnanakaw ay tumakbo nang mabilis.
_______________ 7. Mamasyal kami sa Luneta Park.
_______________ 8. Sasayaw ang mga kaibigan ko bukas.
_______________ 9. Aalis patungong Amerika si Kuya Michael mamayang hapon.
_______________ 10. Kumain nang mabilis si Ate Patricia dahil nagmamadali siya.

# *Pagyamanin*

**Gawain A: GAMITIN KO!**

**Panuto:** Gumawa ng usapan gamit ang iba't ibang uri ng pang-abay sa speech balloon batay sa sitwasyon na nasa loob nito. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

***Sitwasyon:***
Nais mong magpaalam sa iyong ina na pupunta ka sa plasa kasama ang iyong mga kaibigan.

***Usapan:***

***Sitwasyon:***
Gusto mong magpaturo sa iyong tatay kung paano ang tamang pagdidilig ng halaman.

***Usapan:***

***Sitwasyon:***
Manghihiram ka ng lapis sa iyong kaklase.

***Usapan:***

***Sitwasyon:***
Inutusan ka ng iyong ate na kumuha ng walis sa labas ng bahay ngunit may ginagawa ka.

***Usapan:***

***Sitwasyon:***
Tinatamad na sumama sa iyo ang iyong kaibigan papunta sa silid-aralan.

***Usapan:***

*Sanggunian:* https://www.pinterest.ph/pin/474989091929515355/

**Gawain: PANG-ABAY KO! TUKUYIN MO!**

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **PR** kung ang pang-abay o pariralang pang-abay na may salungguhit ay pang-abay na pamaraan, **PN** kung ito ay pang-abay na pamanahon, o **PL** kung ito ay pang-abay na panlunan.

_________1. Sina Samuel at Sofia ay nakatanggap ng imbitasyon mula kay Jessica kahapon.
_________2. Ipagdiriwang ang kaarawan ni Jessica sa darating na Sabado.
_________3. Pagkatapos nilang magpaalam sa kanilang magulang, agad nilang tinawagan si Jessica.
_________4. Malugod na tinanggap nila ang imbitasyon ni Jessica.
_________5. Pinag-isipan nang mabuti ng magkapatid kung ano ang ibibigay nilang regalo.
_________6. Naalala nila na mahusay gumuhit si Jessica.
_________7. "Madalas din siyang nagbabasa," banggit ni Sofia.
_________8. "Oo nga. Maraming beses ko siyang nakita sa loob ng silid-aklatan," dagdag ni Samuel.

_________9. "Pumunta tayo sa book store sa makalawa para makabili tayo ng regalo," mungkahi ni Sofia.
_________10. Nagising nang maaga ang magkapatid na sina Samuel at Sofia.



# *Isaisip*

1. Ang lahat ng bahagi ng pananalita ay mahalaga sa wikang Filipino. Ito ang pinagkukunan ng basehan sa paggawa ng mga pangungusap gamit ang mga angkop na salita upang makabuo ng sanaysay, talata o kahit mga teskto.

2. Isa sa pinakamagandang bahagi ng pananalita ay ang pang-abay. Ang pang-abay ay naglalarawan o nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri at maging sa kapwa nito pang-abay. Natutunan natin na ang pang-uri ang salitang naglalarawan ng pangngalan habang ang pandiwa ay salitang kilos.

3. Ang pang-abay ay mayroong iba't ibang uri at ang mga uri nito ay may iba't ibang kayarian din. Nagpapatunay, na ang pang-abay ay may malaking saklaw kung ikukumpara sa ibang bahagi ng pananalita.

4. Ang pang-abay na panlunan ay nagsasaad kung saan nagganap ang pangyayari. Ang pang-abay na pamaraan naman ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap, o magaganap ang kilos na ipinahahayag ng pandiwa. At ang pang-abay na pamanahon ay nagsasaad kung kailan naganap o magaganap ang kilos.

# *Isagawa*

**Gawain: I-TSEK MO NGA?**
**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) ang angkop na hanay ng sinalungguhitang pang-abay sa bawat pangungusap.

| Mga Sitwasyon/Pangungusap | Pang-abay na Pamanahon | Pang-abay na Panlunan | Pang-abay na Pamaraan |
|---|---|---|---|
| 1. Dahan-dahan siyang lumakad sa ibabaw ng nagbabagang uling kahapon. | | | |
| 2. Ipinanganak si Aling Fe noong 1972. | | | |
| 3. Si Ramon ay bumibili ng pandesal dati sa palengke. | | | |
| 4. Magkakaroon kami ng isang mahabang pagsusulit sa susunod na linggo. | | | |
| 5. Matamlay siyang kumilos dahil sa masamang balita na inihatid ng kanilang kapitbahay. | | | |
| 6. Bibisita ang pangulo ng Estados Unidos sa Pilipinas sa susunod na buwan. | | | |
| 7. Masayang nagpunta ang mga pamilya sa parke kaninang umaga. | | | |
| 8. Taos-pusong nagpasalamat si Adam sa mga taong bumuto sa kanya sa eleksiyon. | | | |
| 9. Sa kasalukuyan ay naghahanap ng solusyon ang kapitan kung ano ang gagawin sa mga nasirang bahay. | | | |
| 10. Si Niko ay mahimbing na natutulog sa kanilang lapag maghapon. | | | |

# *Tayahin*

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa sagutang papel o kuwaderno.

1. Ngayon mo na puntahan si Mareng Winnie.
   A. pang-abay na pamanahon
   B. pang-abay na panlunan
   C. pang-abay na pamaraan
   D. pang-abay na panggaano

2. Pumunta kami sa bahay nina Amiel at Ariel kahapon.
   A. pang-abay na pamanahon
   B. pang-abay na panlunan
   C. pang-abay na pamaraan
   D. pang-abay na panggaano

3. Sa makalawa ay maisasakatuparan ko nang mahusay ang aking mga plano.
   A. pang-abay na pamanahon
   C. pang-abay na pamaraan

B. pang-abay na panlunan D. pang-abay na panggaano

4. Papasyal sa Bagumbayan ang pamilya Torres ngayong bakasyon.
A. pang-abay na pamanahon C. pang-abay na pamaraan
B. pang-abay na panlunan D. pang-abay na panggaano

5. Kukuha ng pagsusulit si Ate Mela bukas.
A. pang-abay na pamanahon C. pang-abay na pamaraan
B. pang-abay na panlunan D. pang-abay na panggaano

6. Hanggang ___________na lang ako tatanggap ng labada.
A. mapagod C. sa bahay
B. mamaya D. sa kapitbahay

7. ____________ na kinain ni Lloyd ang candy dahil natatakot siyang maagaw ito ng kapatid.
A. mahina C. madali
B. mahusay D. mabilis

8. Bumili ako ng sapatos ___________.
A. bukas C. buhat
B. kahapon D. umpisa


9. Pumunta sa ___________ si Aling Bebang para bumili ng gulay at isda.
A. palengke C. lansangan
B. opisina D. mall

10. Kukuha ng isda si Tatay Ambo sa aming _____________.
A. palayan C. palaisdaan
B. gulayan D. bakuran

# *Karagdagang Gawain*

**Gawain: ILARAWAN MO!**

**Panuto:** Pagmasdang mabuti ang larawan. Sumulat ng isang talata na may animna pangungusap gamit ang mga uri ng pang-abay base sa pangyayari sa larawan.




*Sanggunian:* goodsalt.com

**RUBRIKS SA PAGMAMARKA NG SAGOT**

| Kriterya | Napakalinaw ang Pagkakabuo (5pts) | Lubhang malinaw ang pagkakabuo (4pts) | Hindi malinaw ang pagkakabuo (3pts) |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | | | |
| Mensahe | | | |
| Organisasyon | | | |
| | | Kabuuang Puntos | |



# Susi ng Pagwawasto

**Tuklasin**

Tumutukoy kung paano naganap
1. na magaling
2. nang malakas
3. nang matindi
4. na masarap

Tumutukoy sa lugar o lunan
1. sa pagamutan
2. kina Mario
3. sa kalsada
4. sa bahay

Tumutukoy sa panahon
1. bukas
2. araw-araw
3. Martes
4. kahapon

**Suriin**

1. Pang-abay na Pamaraan
2. Pang-abay na Pamaraan
3. Pang-abay na Pamanahon
4. Pang-abay na Panlunan
5. Pang-abay na Pamaraan
6. Pang-abay na Pamaraan
7. Pang-abay na Panlunan
8. Pang-abay na Pamanahon
9. Pang-abay na Pamanahon
10. Pang-abay na Pamaraan

**Pagyamanin**

1. PN
2. PN
3. PN
4. PR
5. PR
6. PR
7. PN
8. PL
9. PN
10. PN

**Isagawa**

1. Pang-abay na Pamanahon
2. Pang-abay na Pamanahon
3. Pang-abay na Panlunan
4. Pang-abay na Pamanahon
5. Pang-abay na Pamaraan
6. Pang-abay na Panlunan
7. Pang-abay na Pamaraan
8. Pang-abay na Pamaraan
9. Pang-abay na Pamanahon
10. Pang-abay na Pamaraan

**Tayahin**

1. A
2. B
3. C
4. B
5. A
6. B
7. D
8. B
9. A
10. C

# Sanggunian


sanaysay-filipino.blogspot.com

https://www.pinterest.ph/pin/474989091929515355/

goodsalt.com

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,

Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best,
And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed;
The place matters not-cypress or laurel or lily white,
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high,
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea
From gloom and grief, from care and sorrow free;
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,
In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen ;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest
Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh,
And in the still evening a prayer be lifted on high
From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain;
For our mothers that bitterly their woes have cried,
For widows and orphans, for captives by torture tried
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around
With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound
'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more
Unmark'd by never a cross nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er
That my ashes may carpet earthly floor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care
As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and light, with song and lament I fare,
Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends
Beloved Filipinas, hear now my last good-by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go where no slave before the oppressor bends,
Where faith can never kill, and God reigns e'er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed!
Give thanks that I rest from the wearisome day!
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way;
Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

## I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope–hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

"I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."